

# Mga Bahagi ng Pananalita sa Iba't Ibang Kontekstong Sosyal: Implikasyon sa Pagtuturo ng Mother Tongue

(Parts of Speech in Different Social Contexts: Implications for Mother Tongue Teaching)

**Jeson Pelesco**

Teacher III

Sta. Paz National High School, San Francisco,  
Southern Leyte  
jesonpelesco250@gmail.com

**Norlyn L. Borong, Ed.D.**

Associate Professor 1

Southern Leyte State University-Tomas Oppus  
nlbslusto.edu.ph

**Abstract-** This study examined the transformation of the parts of speech in various social contexts in the town of Liloan, Southern Leyte that has implications for Mother Tongue teaching. This research use a descriptive approach. There were two types of instruments prepared by the researchers; words that been applied with their terminologies, and the second instrument, interview questions. Based on the analysis of the study, it was found out that the eight parts of speech were seen in different social contexts. These are the following; the noun, pronoun, adjective, adverb, conjunction, preposition; and the determiner. There was no difference in the usage of the parts of speech in various social contexts. There was no difference in the usage of the parts of speech among the different participants. Based on the results of the analysis in teaching Mother Tongue in Liloan town, the teacher did not pay attention to the parts of the speech because it did not make any difference in any social context. Parts of speech is a strong linguistic structure that will not change in any kind of social context. A collection of vocabulary was developed by researchers in Liloan, Southern Leyte in various social contexts. It was suggested that a study like this should be supported by the government because it is one way of addressing the problem of the teachers teaching the "Mother Tongue" subject.

**Keywords—** *Mother Tongue; parts of the speech; social context; terminologies*

## ABSTRAK

Sinuri ng pag-aaral ang pagbabago ng bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal sa bayan ng Liloan, Timog Leyte na nagsisilbing implikasyon sa pagtuturo ng Mother Tongue. Ginamit ang pamamaraang deskriptibo o palarawan sa pamamagitan ng sarbey ang ginamit sa pag-aaral. Dalawang klaseng instrumento ang inihanda ng mga mananaliksik. Ang mga salitang lapatan ng kanilang terminolohiya at ang pangalawang instrumento ay mga katanungan para pakikipanayam. Batay sa

pagsusuri ng pag-aaral natuklasan na may walong bahagi ng pananalita ang nakikita sa iba't ibang kontekstong sosyal. Ang pangngalan, panghalip, pang-uri, pang-abay, pangatnig, pang-angkop at pang-ukol. Walang pagkakaiba ang paggamit ng bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal. Walang pagkakaiba ng paggamit ng bahagi ng pananalita sa iba't ibang uri ng kalahok. Batay sa resulta ng pagsusuri na sa pagtuturo ng Mother Tongue sa bayang Liloan ay hindi napagtuunan ng pansin ng guro ang mga bahagi ng pananalita sapagkat wala itong kaibahan sa anumang kontekstong sosyal. Ang bahagi ng pananalita ay isang matibay na estruktura ng wika na hindi magbabago kahit anumang uri ng kontekstong sosyal. Isang kalipunan ng talasalitaan ang binuo ng mananaliksik sa Liloan, Southern Leyte sa iba't ibang kontekstong sosyal. Iminungkahi ng mananaliksik na ang pag-aaral na katulad nito ay dapat suportahan ng pamahalaan dahil daan ito upang matugunan ang suliranin ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang "Mother Tongue".

## MGA SUSING SALITA:

Bahagi ng pananalita; kontekstong sosyal; Mother Tongue; terminolohiya

## INTRODUCTION

Ang kontekstong sosyal ay kumakatawan sa uri ng tao, uri ng okasyon, at iba pang nakaiimpluwensiya sa pagbibigay kahulugan sa paraan ng pagsasalita, ano ang sinasalita at ano ang ikinikilos. Ang bawat tao sa lipunan ay may tiyak na wikang gamit ayon sa kanilang antas ng pamumuhay, lahi, kasarian, gulang, hanapbuhay, interes at iba pang panlipunang sukatan (Riise, 2016).

Ang wikang ginagamit ng tao ay nakadepende sa uri ng taong kanyang kinakausap. Ito ay pinatutunayan nina Sebanz, Knoblich at Butterfill (2009) na nagsabing sa pakikipag-usap ay kailangang unawain at intindihin ng nagsasalita ang kanyang kausap sapagkat maaring magkaiba ang interpretasyon ng mga taong mula sa lansangan o mga komon na tao. Ito ang dahilan ng mga mananaliksik kung bakit nais alamin ang mga bahagi ng pananalita mula sa iba't ibang kontekstong sosyal upang lubusang maunawaan ang pagkakaiba ng

pagpapakahulugan ng mga tao mula sa iba't ibang kinabibilangan ng tao. Higit sa lahat ang pangunahing dahilan sa pagsusuring ito ay makatugon sa suliranin ng mga gurong nagtuturo ng Mother Tongue partikular sa bayan ng Liloan. Isa sa mga malaking hamon ng iilang mga guro at mga magulang sa elementarya sa kasalukuyan ay ang asignaturang mother tongue. Marami na sa kasalukuyan ang nahuhumaling sa mga dinamikong salita (code-switching, code-mixing, gay lingo at initialism).

Marami ng ginawang pag-aaral tungkol sa suliranin ng mother tongue bilang batayan sa pagtuturo. Ang kaibahan ng pag-aaral na ito ay makilala ang tiyak na terminolohiya ng tao mula sa kanilang kinabibilangan. Batay sa personal na obserbasyon ng mga mananaliksik maraming mga mag-aaral na iba-iba ang kanilang pagbibigay-kahulugan partikular sa bahagi ng pananalita sa kanilang wikang kinagisnan.

Ayon kay Borong (2017) ang *social media* ay isa sa mga paktor kung bakit unti-unting mamamatay ang kinagisnang wika ng bata. Ito ay pinatunayan ni Santana (2015) na nagsabing ang *social media* ang pangunahing tulay sa pagpapalaganap ng mga dinamikong salita. Naniniwala rin sina Gianelli, Lugli, Baroni, Nicoletti, at Borghi (2013) na ang kilos at pananalita ng tao ay maayon sa kanyang kinabibilangan komunidad. Nangangahulugan na ang pag-unawa ng tao sa isang salita ay nakaiimpluwensiya sa lipunang kinabibilangan.

Kaugnay nito ipinaliwanag nina Sebanz at Knoblich (2009) na ang kakayahan ng pakikipag-ugnayan ng tao sa iba o sa kanyang kapwa ay nakatutulong sa sarili na kikilos na naaayon sa uri ng taong nakasasalamuha. Dagdag pa malaki ang kinalaman ng kinikilos ng tao at paraan ng pagsasalita ng tao sa uri ng lugar o kumunidad na kinabibilangan. Ipinahiwatig dito na ang kinikilos ng tao at paraan ng kanyang pananalita ay may kinalaman ay may kaugnayan sa kanyang kinagisnang wika. Samakatuwid ang wika ay nagpapakilala sa identidad ng tao, dahil makilala ang kanyang pinanggagalingang sa pamamagitan ng mga karaniwang salitang ginamit. Ang wika ay may malaking papel na ginagampanan sa buhay ng tao. Nagsisilbi itong salamin sa isang lugar. Ito ang nagsisilbing pangunahing salik upang magkaroon ng pagkakakilanlan kung saan at anong lugar o lahi nanggaling ang isang tao.

Ang kontekstong sosyal o kinabibilangan ng tao ay may malaking kaugnayan sa kanilang interest sa buhay, sa pagbibigay kahulugan ng isang salita at sitwasyong makikita ng tao. Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng wika noon at maging sa kasalukuyan ayon kay Albay (2016). Ito ay naging tulay tungo sa kapayapaan ng isang lugar. Mas nagkakaintindihan ang bawat mamamayan dahil madali at malayang naipapahatid ng mga Pilipino ang kanilang mga saloobin at kaisipan.

Iपालिwanag nina Conrad at Douglas (2012) ang wika ay nagpapakilala sa identidad ng tao, dahil

natutukoy agad ang pinanggagalingang lugar nito sa pamamagitan ng karaniwang mga salitang nagagamit sa pang-araw-araw na pakikisalamuha niya sa lipunan. Ang wika at paraan ng paggamit nito ay may malaking papel na ginagampanan sa buhay ng tao. Nagsisilbi itong salamin sa isang lugar. Ito ang nagsisilbing pangunahing salik upang magkaroon ng pagkakakilanlan kung saan at anong lugar o lahi nanggaling ang isang tao.

Ang wika ay siyang pagkakilanlan ng bawat tao, sa pag-aaral ng wika sa isang lugar o kaya'y tribu kailangang ang pagtuunan ng pansin ang pagkabuo, porma at paano ito binibigkas. Layunin nito para magkakaroon ng sapat na ideya ang mambabasa kung bakit nagkakaroon ng pagkakaiba ng pagsasalita ng tao sa kanyang kapwa. Tatak ng isang wika ang katangiang natatangi at iba sa maraming wika.

Ibinahagi ni Borong (2019) na isang mapanghamon sa kasalukuyan ang pag-aaral ng wika sapagkat napakaraming balakid ang susuungin ng mga nagmamalasakit sa sariling wika. Sa personal niyang naobserbahan at nararanasan sa tuwing makikipag-usap sa mga kabataan, minsan hindi agad makuha ang kanilang mga sinasabi dahil sa kanilang salitang ginamit. Sinuri sa pag-aral na ito ang mga bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal sa bayan ng Liloan, Timog Leyte na magsisilbing implikasyon sa pagtuturo ng Mother Tongue.

## RESEARCH OBJECTIVES

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga bahagi ng pananalita ang nakikita sa iba't ibang kontekstong sosyal ayon sa:
  - 1.1. Propesyonal;
    - 1.1.1 habang nasa simbahan;
    - 1.1.2 habang nasa bahay; at
    - 1.1.3 habang nasa trabaho?
  - 1.2. Mga Mag-aaral;
    - 2.2.1 sa loob ng silid-aralan;
    - 2.2.2 habang mga bakanteng oras; at
    - 2.2.3 bahay kaserahan?
  - 1.3. Karaniwang Tao;
    - 2.3.1 bahay;
    - 2.3.2 pamumuhay;
    - 2.3.3 sabungan?
2. May pagkakaiba ba ang paggamit ng bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal?
3. May pagkakaiba ba ang paggamit ng bahagi na pananalita sa iba't ibang uri ng kalahok?
4. May pagkakaiba ba ng paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita sa iba't ibang uri ng kalahok sa ilalim ng iba't ibang kontekstong sosyal?

## RESEARCH METHODOLOGY

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *Descriptive Survey Research Design* na gumagamit ng talatanungan (survey questionnaire) para makalikom ng mga datos. Ang mga kalahok ay mula sa iba't ibang barangay sa bayan ng Liloan, Timog Leyte. Tigsasampung (10) kalahok ang kinuha ng mga mananaliksik sa bawat kontekstong-sosyal na kinabibilangan ng tao. Ang kalahok na pinili ay may tatlong kategorya. Mga propesyonal, mga mag-aaral at mga karaniwang tao. Dalawang klaseng instrumento ang inihanda ng mananaliksik. Una, naghanda ng tatlong libong (3,000) mga salita na lapatan ng terminolohiya o kahulugan ng mga mananaliksik. Ang mga salitang inihanda ng mga mananaliksik ay mga salitang laging ginamit sa araw-araw na pakikipag-usap ng mga taga-Liloanun. Pangalawa, naghanda ang mananaliksik ng mga katanungan para sa ginawang pakikipanayam. Mula sa sagot ng mga kalahok ang pinagbabatayan ng mga mananaliksik kung may magbabago ba ang bahagi ng pananalita ng wikain ng bawat kontekstong sosyal. Pagkatapos pinayagan ang mananaliksik agad naghanap ng nagiging kalahok. Pinuntahan ng mananaliksik ang mga kalahok sa kanilang mga bakanteng oras. Isang impormal na paraan ang pagkuha ng mga datos upang maging kumpante ang mga kalahok sa paglapat ng mga salita at sa pagsagot sa mga katanungan ng mananaliksik. Ang huling ginawa ng mananaliksik ay ang "Focus Group Discussion" (FGD). Hingi ang mga bakante nilang araw at oras, saka pa ginawa ang FGD. Sa "Focus Group Discussion" naghanda ang mananaliksik ng "video recorder" para sa sagot ng mga kalahok sa mga katanungan. Ang mga salitang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang mga salitang kadalasang ginagamit ng mga kalahok sa araw-araw nilang pakikisalamuha at pakikipagtalastasan sa kapwa. At ito ang mga salitang kadalasang ginamit ng mga kalahok sa panahon nang pakikinyam at pakikipagtalastasan ng mananaliksik sa kanila kaya ito ay isa ring basehan sa pagpili ng mga salita.

## THE FORMULATION AND DISCUSSION

### Demographic Profile ng mga Kalahok

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng demographic profile sa mga ginawang kalahok para sa pag-aaral na ito. Makikita na maraming mga lalaking kalahok kaysa mga babae. Sa katanungan may 62% ang mga lalaking kalahok at 38% ang mga babae. Ipinakita rin dito na ang mga kalahok na walang trabaho ang may pinakamaraming bilang may 41%. At ang mga kalahok na may kintang 4,999.00-pababa ang nangunguna sa may pinakamaraming bilang.

Talahanayan 1: Demographic Profile ng mga Kalahok

		Bilang	Porsyento
Kasarian	Lalaki	56	62%
	Babae	34	38%
Edad	60 pataas	25	28%
	50-59	12	13%
	40-49	6	6%
	30-39	15	17%
	20-29	7	8%
	20 pababa	26	28%
Trabaho	Opisina/LGU/DILG	11	12%
	Negosyante	8	9%
	Guro	8	9%
	Katulong/Boy	4	4%
	Tindero/Tindera	6	7%
	Mangingisda	9	10%
	Magsasaka	7	8%
Kita	Walang trabaho	37	41%
	50,000 pataas	6	7%
	40,000-49,999.00	10	11%
	30,000-39,999.00	11	12%
	20,000-29,999.00	13	14%
	10,000-19,999.00	13	14%
	5,000-9,999.00	7	8%
4,999-pababa	30	33%	

Ang pagkilala ng demographic profile ay isa sa mga paraan upang makilala at pantay-pantay ang paghahati ng mga kalahok kung kinakailangan. Ayon ni Pia (2011) sa pagsusuri ng kakayahan ng mag-aaral isa sa mga tiningnan paktor ay ang demographic profile. Sa pagkilala ng kakayahan ng kanyang mga kalahok kinuha muna ang demographic profile sa kanyang mga mag-aaral.

Ang paggamit ng wika ay apektado o may kaibahan depende sa demographic profile ng nagsasalita. Ipinahayag din ni Albay (2015) na tila unti-unting naglalahok ang ibang mga kinagisnang salita dahil sa uri ng pamumuhay ng tao. Dahil ang paraan ng pagsasalita at lenggwaheng ginamit ng mga kasamahan sa trabaho ay makaiimpluwensiya sa nakasanayang wika.

Ipinahiwatig lamang dito na ang kasarian, edad at pamumuhay ng tao ay maaaring magkakaiba ang kanilang pag-unawa, katawagan at ganoon din sa bahagi ng pananalita.

### Mga Bahagi ng Pananalita ang Nakikita sa Iba't ibang Kontekstong Sosyal

Makikita sa Talahanayan 2 na bawat kontekstong sosyal ay may tatlong daan tatlumpo't siyam (339) na mga salitang binigyang kahulugan ng mga kalahok. Malinaw na ipinakita sa resulta na may walong (8) bahagi ng pananalita ang napapaloob ng wikang kinagisnang sa bayan ng Liloan mula sa iba't ibang kontekstong sosyal. Nangunguna sa mga bahagi ng pananalita ang **pangngalan**, **sinundan ng pandiwa**, **pang-uri**, **pang-abay**, **panghalip**, **pangatnig**, **pang-ukol** at **pang-angkop**.

**Talahanayan 2; Mga Bahagi ng Pananalita ang Nakikita sa Iba't ibang Kontekstong Sosyal**

Kontekstong Sosyal	Bahagi ng Pananalita								Total
	Pangangalan	Pang-uri	Pandiwa	Pang-abay	Panghalip	Pangatinig	Pang-anglon	Pang-ukol	
Propesyonal	Simbahan	109	86	123	13	7	1	0	339
	Bahay	108	86	122	14	7	1	0	339
	Trabaho	106	90	120	12	7	2	1	339
Mag-aaral	Pag-aaral	123	75	123	12	5	1	0	339
	Bakanteng oras	126	76	118	13	5	1	0	339
	Bahay kaserahan	122	79	119	13	5	1	0	339
Karaniwang Tao	Bahay	120	80	119	14	5	1	0	339
	Sabungan	133	75	112	13	5	1	0	339
	Trabaho	132	75	113	13	5	1	0	339
<b>Total</b>		1079	722	1069	117	51	10	2	3051

Makikitang may tatlong kontekstong sosyal ang ginawang mga kalahok sa pag-aaral na ito. Ang mga propesyonal, mga mag-aaral at karaniwang tao. Sa mga *propesyonal* tatlong uring mga propesyonal ang binigyang pansin. Ang nasa simbahan, bahay at trabaho. May tatlong uri rin ng mga *mag-aaral* ang binigyang pansin ang nasa paaralan, bakanteng oras at habang nasa bahay kaserahan. At sa mga *komon* na tao ang nasa bahay, sabungan (cockpit) at trabaho ang pinili. Sa kabuuan may siyam na uri na tao ang pinagkukunan ng datos.

Ipinahiwatig sa resultang ito na ang lenggwahe ng Liloan ay tulad ng ibang wikain o dayalekto ng Pilipinas na kinapapalooban ng mga bahagi ng pananalita na ginagamit sa pagbuo pangungusap at katha o komposisyon. Nagpapakita lamang ito na ang mga bahagi ng pananalita ay bahagi sa anumang mga pasulat at pasalitang gawain sapagkat hindi mabuo nang maayos ang isang opinyon o kaya'y mga kwento kung wala ang pangangalan, pandiwa, pang-uri, pang-abay, at iba pa.

Kaugnay sa resulta at sa interpretasyon sa Talahanayan 2 ipinaliwanag ni Barasina (2015), na ang retorika at balarila ay may mahalagang papel na ginagampanan upang makabuo ng isang masining at makabuluhang akda. Sa pagsusuring ginawa ni Borong (2017) ay kaugnay sa lenggwahe ng Ikalimang Distrito ng Leyte na natuklasan niyang ang limang bayan na sinuri ay katatagpuan din ng walong bahagi ng pananalita na katulad sa kasalukuyan pag-aaral. Natuklasan na apat sa bahagi ng pananalita ang nangunguna sa bayan ng Bato, Hilogos, Hindang, Inopacan at Matalom ang pangngalan, pandiwa, pang-uri at pang-abay. Ayon kay Micu (2009) na mahalagang maunawaan ng mga tao ang katangian ng kanilang wika ganoon din ang morpolohiya nito upang lubusang maunawaan ang pagkakakilanlan nito. Lubos na sumang-ayon ang mananaliksik sa pahayag ng naunang akda na mahalaga ang pagkilala ng tao sa kanyang sariling pagkakilanlan, isa na rito ang kanyang kinagisnang wika.

Ang pagkakaroon ng pagkakaiba ng mga katawagan at tono ng isang tao ay dahil sa impluwensiya ng kausap. Ibig sabihin ang kinabibilangan ng tao o kontekstong sosyal ay may kinalaman sa pagkakaroon ng pagkakaiba ng katawagan, tono at ganoon din sa bahagi ng pananalita.

Ipinahayag ni Dela Cruz (2015) ang bawat dayalekto ng pangunahing wikain sa Pilipinas ay may kanya-kanyang pagkakaiba sa terminolohiya, sa morpolohiya, sa tono at bahagi ng pananalita.

Ipinahiwatig lamang na ang pagkakaiba ng bahagi ng pananalita sa terminolohiya sa iisang lugar ay hindi maiiwasan. Sa ganang ganito hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng suliranin ng mga mag-aaral at guro sa pag-unawa sa kinagisnang wika sapagkat ang guro mismo ay kulang ang kakayahan sa pag-unawa sa kanyang sariling wika.

**Pagsusuri sa Pagkakaiba ng Paggamit ng Bahagi ng Pananalita sa Iba't ibang Kontekstong Sosyal**

Inilahad sa Talahanayan 3 na walang pagkakaiba ang paggamit ng bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal o uri ng kalahok. Nangangahulugan na ang mga terminolohiya sa bayan ng Liloan ay walang pagkakaiba ng paggamit ng bahagi ng pananalita mapropesyonal man, mag-aaral at sa mga karaniwang tao. Ibig sabihin sa tatlong kontekstong sosyal parehong may walong bahagi ng pananalita ang napapaloob sa mga terminolohiyang pinasagot ng mananaliksik.

**Talahanayan 3: Pagkakaiba ng Paggamit ng Bahagi ng Pananalita sa Iba't ibang Kontekstong Sosyal**

	Sum of Squares	df	Mean Square	F	Sig.
Between Groups	9.025	8	1.128	1.052	.394
Within Groups	3261.239	3042	1.072		
Total	3270.264	3050			

Batay sa pagsusuri sa mga kasagutan ng mga kalahok may mga salitang iba-iba ang kahulugan ngunit pareho ang bahagi ng pananalita. Nangangahulugan ito na anumang kontekstong sosyal napabilang ang taga-Liloanon hindi nababago ang bahagi ng pananalita.

Ang resulta ng pagsusuri sa pag-aaral na ito ay taliwas sa resulta ng pagsusuri ni Ceden (2015) na nagsabing nagkakaroon ng pagkakaiba-iba ng wika at ang tuntunin nito tulad ng ponolohiya at morpolohikal ayon sa larangan sa lipunan ng tao. Idinadagdag pa magkakaiba minsan ang pagpapakahulugan ng mga konduktor, abogado, sabungero, at iba pa sa isang salita sapagkat bawat kontekstong sosyal ay may kanya-kanyang katawagan at pagpapakahulugan.

Bago ginawa nga pag-aaral na ito ay nagkakaroon ng katanungan ang mananaliksik bakit nagkakaroon ng iba't ibang katawagan at pagpapakahulugan ng tao sa kanilang sariling wika na kung saan nagmumula lamang sa isang bayan. Pagkatapos ginawa ang pag-aaral na ito napagtanto na ang pagkakaroon ng pagkakaibang pag-unawa at ganoong sa pagbabago ng bahagi ng pananalita ay dahil sa kinalalagyan o pinagmulan ng tao. Ayon ina Santos at Hufana (2008) maaaring ang varyasyon ng wika ay nasa tunog, mga salita o bokabularyo, istruktura ng gramatika o sa lahat ng mga ito.

Nagpapahiwatig lamang ito na sa pagtuturo ng asignaturang Mother Tongue ay hindi madali sapagkat ang guro mismo ay may kakulangan sa kakayahan sa pag-unawa ng kinagisnang wika.

Samakatuwid ang awtput ng pag-aaral na ito ay makatutulong kahit papaano.

### Pagsusuri ng Pagkakaiba ng Paggamit ng Bahagi na Pananalita sa Iba't ibang Uri ng Kalahok

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita na walang pagbabago ang bahagi ng pananalita sa tatlong kontekstong sosyal mula sa iba't ibang uri na kalahok. Ipinakita lang dito na ang bahagi ng pananalita ay istruktura ng wika na hindi mababago kahit sa anumang uri ng kontekstong sosyal.

*"Birds of the same feathers flocks together"* isang sikat na kasabihan sa Ingles na may kaugnayan sa pag-aaral na ito. Kahit saan, nagpapangkat-pangkat ang tao ayon sa kanilang antas sa lipunan. Sa edad, paniniwala, yaman, kinahiligan, kasarian, at iba pa. Masaya ang tao kapag komportable sa kanyang kasama sapagkat pareho ang kinahihiligan, mga gusto sa buhay, mga salitang ginamit at pareho ang paniniwala.

Talahanayan 4: Pagkakaiba ng Paggamit ng Bahagi na Pananalita sa Iba't ibang Uri ng Kalahok

	Sum of Squares	Df	Mean Square	F	Sig.
Between Groups	.199	2	.100	.093	.911
Within Groups	3270.065	3048	1.073		
Total	3270.264	3050			

Kaugnay sa mga pahayag nina Scholl, Ellemers, Sassenberg, at Scheepers (2015) ay may kaugnayan sa resultang ipinakita sa Talahanayan 4. Ipinapakita rito na walang pagkakaiba ng paggamit ng bahagi ng pananalita sa iba't ibang uri ng kalahok. Samakatuwid ang mga propesyonal ay pareho ang kanilang pagpapakahulugan at pag-unawa sa kanilang mga terminolohiya at ganoon din ang mga mag-aaral at karaniwang tao.

Ipinaliwanag ni Bautista (2015) na marami ng nag-aaral sa mga wikain sa Bisaya. Iba-iba ang mga sinuri, may nagsusuri sa mga morpolohikal na varyasyon, ponolohikal na varyasyon, pagsusuri sa mga bahagi ng pananalita, estruktura ng wika, at marami pa. Isa ito sa mga napapanahon pag-aaral na makatutulong sa kadalasang suliranin sa pagtuturo ng Mother Tongue. Nangangahulugan lamang na ang mga nakatalang resulta sa bawat talahanayan ay makabuluhan sa mga mambabasa lalo na sa mga taga-Liloanon sa pag-unawa at pagkilala ng kanilang sariling wika.

Mahalaga ring malaman kung bakit may mga varyant na ang iba ay hindi tinatanggap sa grupo ngunit iginiit ng nagsasalita sapagkat ito ang ginamit.

### Pagkakaiba ng Paggamit ng Iba't ibang Bahagi ng Pananalita sa Iba't ibang Uri ng Kalahok sa Ilalim ng Iba't ibang Konstekstong Sosyal

Ang Talahanayan 5 ay naglalahad sa kabuuang pagkakaiba ng paggamit ng bahagi ng pananalita sa iba't ibang uri ng kalahok sa ilalalim ng iba't ibang kontekstong sosyal. Malinaw na ipinakita sa talahanayan 3 at 4 na parehong nagpapakita na walang pagkakaiba ang paggamit ng bahagi ng

pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal at sa iba't ibang uri ng kalahok. Natuklasan na maraming mga salita na walang pagbabago sa bahagi ng pananalita ngunit nagbabago ang kahulugan tulad ng salitang *regla* na parehong pangngalan ang bahagi ng pananalita ngunit iba-iba ang ibinigay na kahulugan sa kalahok sa mga mag-aaral at sa mga propesyonal na kadalasang nagbigay ng kahulugan sa **buwanang dalaw** at sa mga sabungero nangangahulugang pampasuwerte. Ganoon din ang salitang *pasar* sa mga propesyonal at mga mag-aaral ito ay positibo dahil ang ibig sabihin **nakapasa** ngunit sa mga karaniwang tao ito ay nangangahulugan **gutom** o negatibo ang pagpapakahulugan, at marami pang salita na may kakaibang kahulugan. Ayon ni Liwanag (2007) na ang pagpapakahulugan ng wika ay magkaiba batay sa nakasanayan at pinagmulan ng tao. Sa kontekstong mag-aaral napansin na sa tatlong uri na mga mag-aaral halos pare-pareho ang bahagi ng pananalita at pagbibigay kahulugan.

Talahanayan 5: Pagkakaiba ng Paggamit ng Iba't ibang Bahagi ng Pananalita sa Iba't ibang Uri ng Kalahok sa Ilalim ng Iba't ibang Konstekstong Sosyal

	Source	Type III Sum of Squares	df	Mean Square	F	Sig.
Corrected Model	Kahulugan ng salita	1.942 <sup>a</sup>	8	.243	.758	.640
	Bahagi ng Pananalita	9.025 <sup>b</sup>	8	1.128	1.052	.394
Intercept	Kahulugan ng salita	739.461	1	739.461	2309.013	0.000
	Bahagi ng Pananalita	2014.965	1	2014.965	1879.507	0.000
Kalahok	Kahulugan ng salita	0.000	0			
	Bahagi ng Pananalita	0.000	0			
Konteksto	Kahulugan ng salita	1.782	7	.255	.795	.591
	Bahagi ng Pananalita	8.994	7	1.285	1.198	.300
Error	Kahulugan ng salita	974.201	3042	.320		
	Bahagi ng Pananalita	3261.239	3042	1.072		
Total	Kahulugan ng salita	6294.000	3051			
	Bahagi ng Pananalita	17272.000	3051			
Corrected Total	Kahulugan ng salita	976.142	3050			
	Bahagi ng Pananalita	3270.264	3050			

a. R Squared = .002 (Adjusted R Squared = -.001)  
 b. R Squared = .003 (Adjusted R Squared = .000)

Hindi mapagkaila na ang kadalasang kasama ng mga mag-aaral sa kanilang paglilibang, pamamasyal, at iba pa ay kapareha ng kanilang edad kaya ito ang dahilan na walang pagkakaiba. Sa katunayan may salita na pareho ang kahulugan sa mga propesyonal na tao at sa mga karaniwang tao, iba naman sa mga mag-aaral. Tulad ng salitang *bugaw* sa mga propesyonal at karaniwang tao ito ay ngangahulugang *alis* na **pandiwa** at *taong nagbibinta ng aliw* naman ang pagpapakahulugan ng mga mag-aaral.

Sa kontekstong mga karaniwang tao napansin na ang mga kalahok na laging nasa sabungan (cockpit) may maraming salitang kakaiba ang kanilang pagpapakahulugan. Tulad halimbawa ng salitang *larga (ilaban)* ay *inilog (may malaki ang pusta)*, ilan lamang ito sa halimbawa ng kanilang wika. Ang mga nabanggit na salita ay may kakaibang kahulugan at bahagi ng pananalita sa mga kalahok na nasa bahay at sa trabaho tulad ng mangingisda, magsasaka, tinder, at iba pa. Ito ang kanilang

kahulugan *larga (alis)*, *inilog (inagaw)* mapapansin na malayo ang kahulugang ito kumpara sa mga sabungero.

Ang resultang inilad sa mga talahanayan napagtanto ng mananaliksik na bilang guro sa wika at panitikan responsibilidad ding malaman ang kakaibang katangian ng kinagisnang wika. Maraming alam ang mananaliksik ng mga salita wikang Filipino tulad pareho ang baybay, pareho ang bigkas iba ang kahulugan, pareho ang baybay iba ang bigkas iba ang kahulugan, at iba pa. Kung hindi ginawa ang pag-aaral na ito hindi matutuklasan ang mananaliksik ang pagkakaroon ng pagkakaiba ng kahulugan ng mga kalahok sa mga salita na may parehong bahagi ng pananalita. Hindi maipagkakaila na ang mga guro sa Mother Tongue lalo na sa bayan ng Liloan ay nahihirapan sa pagtuturo ng asignatura.

### Implikasyon

Batay sa resulta ng pagsusuri isang implikasyong nabuo na sa pagtuturo ng Mother Tongue sa bayan Liloan ay hindi na pagtuunan o problemahin ng guro ang mga bahagi ng pananalita sapagkat wala itong kaibahan kahit sa anumang konteksto. Sa pagbuo ng bokubularyo ng dayalekto o wikain ng Liloan bilang sanggunian sa pagtuturo ng Mother Tongue ang pagkakaroon ng pagpapakahulugan ang bigyang-tuun pansin sapagkat natuklasan na maraming mga salita sa Liloan na pareho ang bahagi ng pananalita ngunit iba-iba ang kahulugan batay sa kontekstong sosyal.

### CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Ang bahagi ng pananalita ay isang matibay na estruktura ng wika na hindi magbabago kahit anumang uri ng kontekstong sosyal. Isang implikasyong nabuo na sa pagtuturo ng Mother Tongue sa bayan Liloan ay hindi na pagtuunan o problemahin ng guro ang mga bahagi ng pananalita sapagkat wala itong kaibahan kahit sa anumang konteksto. Sa pagbuo ng bokubularyo ng dayalekto o wikain ng Liloan bilang sanggunian sa pagtuturo ng Mother Tongue ang pagkakaroon ng pagpapakahulugan ang bigyang-tuun pansin sapagkat natuklasan na maraming mga salita sa Liloan na pareho ang bahagi ng pananalita ngunit iba-iba ang kahulugan batay sa kontekstong sosyal. Sa resulta ng pagsusuri iminungkahi ng mga mananaliksik na ang mga pag-aaral na tulad nito ay dapat na suportahan ng pamahalaan at mga namumuno sa Department of Education upang matugunan ang suliranin ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang "Mother Tongue" at pagkaroon ng pag-aaral tungkol sa ibat't ibang pagpapakahulugan ng mga salita sa Liloan.

### ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang bahagi tesis sa graduwadong pag-aaral ng Southern Leyte State University-Tomas Oppus sa programang MaEd-Filipino.

### REFERENCES

- [1] Albay, J. (2016). *Epekto ng modernisasyon ng wikang Filipino sa pag-aaral ng mga Senior High School sa Unibersidad Ng Pangasinan* (Di-nailathalang Tesis). Retrieved from [https://www.academia.edu/33470031/Epekto\\_n\\_g\\_modernisasyon\\_ng\\_wikang\\_filipino\\_sa\\_pag-aaral\\_ng\\_mga\\_Senior\\_High\\_School\\_sa\\_Unibersidad\\_Ng\\_Pangasinan](https://www.academia.edu/33470031/Epekto_n_g_modernisasyon_ng_wikang_filipino_sa_pag-aaral_ng_mga_Senior_High_School_sa_Unibersidad_Ng_Pangasinan)
- [2] Barasina, J. (2015). Retorika at gramatika. Retrived from [https://www.slideshare.net/Jhei\\_Ei13/retorika-at-gramatika](https://www.slideshare.net/Jhei_Ei13/retorika-at-gramatika)
- [3] Borong, N. (2017). *Socio-Geograpikal linguistic theory sa Filipino language teaching: Gabay sa MTB-MLE*. Di-nalathalang disertasyon: Cebu Normal Universty, Cebu City
- [4] \_\_\_\_\_ (2019). Morphological variation of the dialects in Western and Southern Leyte. *Journal of Educational and Human Resource Development*, 7, pp. 41-53
- [5] Cedeno, E. (2015). Mga varayti at varyasyon ng wika (Heyografikal, Sosyal at Okufasyunal Retrieved from [https://www.academia.edu/37037043/MGA\\_VA\\_RAYTI\\_AT\\_VARYASYON\\_NG\\_WIKA\\_Heyografikal\\_Sosyal\\_at\\_Okufasyunal](https://www.academia.edu/37037043/MGA_VA_RAYTI_AT_VARYASYON_NG_WIKA_Heyografikal_Sosyal_at_Okufasyunal)
- [10] Conrad, S. at Douglas, B. (2001). *Variation in english: Multi-dimensional studies*. England: Pearson education Ltd.
- [11] Dela Cruz, C. (2015). Mga salita sa Filipino na maraming nilalaman: Ang wika sa mga rehiyon (Di-nailathalang tesis). Retrived from <https://www.choosephilippines.com/do/history-and-culture/3389/filipino-words-double-meaning/>
- [12] Gianelli, C., Lugli, L., Baroni, G., Nicoletti, R. at Borghi, A. (2013). The impact of social context and language comprehension on behaviour: A kinematic investigation. *PLoS ONE* 8 (12). Retrieved from <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0085151>
- [13] Knoblich, G., at Sebanz, N. (2009). Prediction in joint action. What, when and where. *Topics in cognitive science*, 1(2), pp.353-367. Retrieved from <https://doi.org/10.1111/j.1756-8765.2009.01024.x>.
- [14] Liwanag, L. (2007). Ang pag-aaral ng varayti at varyasyon ng wika: Hanguang balon sa pagtuturo at pananaliksik. *The normal lights. Journal of teacher education. Vol 1, No. 1 (2007) liwanag*. Retrieved from <http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/38>
- [15] Micu, K. (2009). Sebwanong Cagay-anon at Sebwanong. Di-nailathalang tesis, Xavier University-Ateneo de Cagayan.

- 
- [16] Pia, M. (2011). Antas na pag-unawa ng mga ideya ng mga mag-aaral gamit ang dulong mass media. Di-nailathalang Tesis: Southern Leyte State University-Tomas Oppus. Tomas Oppus, Southern Leyte
- [21] Riise, S. (2016). What does social context mean? Can you give me some practical examples? Retrieved from quora.com/What-does-social-context-mean-Can-you-give-me-some-practical-examples
- [22] Santana, J. (2015). *Dinamikong salitang Filipino na napapaloob sa portfolio ng mga mag-aaral*. Di-nailathalang Tesis. Southern Leyte State University-College of Teacher Education.
- [23] Santana, J. (2015). *Dinamikong salitang Filipino na napapaloob sa portfolio ng mga mag-aaral*. Di-nailathalang Tesis. Southern Leyte State University-College of Teacher Education
- [24] Santos, A. (2010). Varayti at varyasyon ng wikang Filipino. Sa mga babasahin sa varayti at varyasyib ng wikang Filipino sa iba pang mga wika (pp. 41-49). MSU-IIT, Iligan City
- [30] Scholl, A., Ellemers, N., Sassenberg, K., at Scheepers, D. (2015). Understanding power in social context. How power relates to language and communication in line with responsibilities or opportunities. *The exercise of power in communication. Devices, reception and reaction*, pp. 312-334.